ENERO 14, 2020

BATAS SA PAGPILI NG BOTANTE

NA-UPDATE NA PLANO SA PANGANGASIWA NG HALALAN

COUNTY NG NAPA
ELECTION DIVISION
1127 1ST ST SUITE E
NAPA, CA 94559

Talaan ng Nilalaman

Plano sa Pangangasiwa ng Halalan

Pangkalahatang-ideya 1
Mga Balota ng Vote By Mail 1
Mga Lokasyon ng Vote Center at Drop-Off ng Balota 2
Mga Vote Center 2
Pagpapatakbo sa Vote Center....3
Mga Drop Box ng Balota 4
Teknolohiya sa Pagboto....4
Data ng Halalan ng Botante 5
Epekto sa Pinansya....5
Buod 5

Plano ng Edukasyon at Pakikipag-ugnayan ng Botante

Pangkalahatang-ideya 5
Pakikipag-ugnayan sa Mga Negosyo 6
Mga Partner sa Komunidad 6
Network ng Indibidwal na Botante 7
Mga Botanteng Hindi Nagsasalita ng Ingles 7
Mga Botanteng May Mga Kapansanan 7
Pagtugon sa mga Pagkakaiba sa Pakikilahok....8
Direktang Pakikipag-ugnayan sa Botante....9
Mga Anunsyong Serbisyo sa Publiko....9
Badyet 10

Mga Appendix

Appendix I – Mga Iminumungkahing Lokasyon ng Vote Center at Drop Box....11

Appendix II – Mga Mailer ng Direktang Pakikipag-ugnayan....13

Appendix III – Mga Partner sa Komunidad 14

Appendix IV – Mga Kaganapan ng Outreach sa Komunidad 15

Appendix V - Mga Media Outlet....16

Appendix VI - Mga Mapa 17

Appendix VII – IN-HOUSE NA PLANONG PANG-EMERGENCY....24

Appendix VIII – Ma Layout ng Vote Center 32

Appendix IX – Regulasyon para sa Vote Center at Drop Box 34

Appendix X - LAAC at VAAC....41

County ng Napa
Plano sa Pangangasiwa ng Halalan

Pangkalahatang-ideya

Ang Senate Bill 450, na tinatawag ding Batas sa Pagpili ng Botante (Voter's Choice Act o VCA) ng California, ay isinabatas noong Setyembre 29, 2016, at pinahintulutan nito ang 14 na county, kabilang ang Napa, na magsagawa ng anumang halalan bilang isang halalang All-Mailed na Balota/Vote Center simula sa 2018. Ang batas na ito ay naging bahagi ng isang malawakang koleksyon ng mga reporma sa halalan na dinisenyo para mapalakas ang pakikilahok at pakikipag-ugnayan ng botante at mapalawak ang mga opsyon sa pagboto.

Ang County ng Napa ay nangunguna sa pagsasagawa ng Mga Halalang All-Mailed na Balota sa Estado ng California mula pa noong 2006. Noong 2016, 90% ng aming mga rehistradong botante ay nakatanggap ng Mga Balotang Vote by Mail. Nanguna rin ang County ng Napa sa mga Voting Assistance Center simula noong 2008.

Kinakailangan ng Dibisyon ng Halalan sa ilalim ng VCA na maghanda ng na-update na Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (Election Administration Plan o EAP) sa loob ng dalawang taon pagkatapos ipatupad ang orihinal na EAP noong Setyembre 2017. Ang proseso ng pag-update na ito ay kabibilangan ng paglalathala ng tatlong bersyon ng EAP; mga pulong ng komunidad na idaraos sa iba't ibang bahagi ng county; paglalathala ng mga komentong natanggap; isang pampublikong pagdinig na idaraos sa Lunes, Oktubre 21, 2019 sa ganap na 10:00 a.m. sa kamara ng Lupon ng Mga Superbisor at pagkatapos ng isang pinal na 14 na araw na yugto ng pagkomento, ay pagsusumite sa Kalihim ng Estado ng California para sa pag-apruba. Ang na-update na EAP ay magiging isang pakikipagtulungan na may konsultasyon sa ating mga partner sa komunidad, mga kasamahan sa munisipal na halalan at mga stakeholder.

Sa mga pahinang susunod, inilalarawan ng EAP ang proseso ng Vote by Mail; ang mga iminumungkahing lokasyon ng Mga Vote Center ng County at mga lokasyon ng Drop Box ng balota; ang teknolohiya ng halalan ay secure na ide-deploy sa mga Vote Center at sa ating Plano ng Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante.

Mga Balota ng Vote By Mail

Sa ilalim ng modelo ng VCA model, ang lahat ng nakarehistrong botante ay papadalhan ng balota simula 29 na araw bago ang halalan, nang may sobreng nabayaran na ang postage para maibalik ang balota. Ang mga botante ng ng County ng Napa ay nakakatanggap ng mga materyales sa halalan sa bilingual na Ingles at Espanyol. Ang mga balota na naka-Fax sa Filipino ay makukuha sa mga Vote Center at maaari ring hilingin na ipadala sa koreo.

Ang mga botanteng may mga kapansanan ay maaaring gumamit sa Remote Accessible Vote by Mail System (RAVBM) ng County ng Napa, na nagbibigay-daan sa mga kwalipikadong botante na i-access at markahan ang kanilang balota sa isang screen-readable format sa isang personal computer. Ang mga botanteng may mga kapansanan ay maaari ring kontakin ang hotline ng Disability Rights California sa 1-888-569-7955 o TTY 1-800-719-5798 para sa tulong.

Ang isang rehistradong botante ay maaaring humiling ng pamalit na balota sa pamamagitan ng telepono, email, fax o aming website hanggang isang linggo bago ang Araw ng Halalan. Maaaring kumuha ng pamalit na balota nang personal sa isang Vote Center isang linggo bago ang halalan.

Mga Lokasyon ng Vote Center at Drop-Off ng Balota

Nagtataguyod ang VCA ng detalyadong mga pamantayan at formula para sa bilang at lokasyon ng mga Vote Center at Drop Box ng Balota. Iniaatas ng batas na ang mga lokasyon ng Vote Center at Drop Box ng Balota ay dapat na accessible sa mga botanteng may mga kapansanan, matatagpuan malapit sa mga sentro ng populasyon, pampublikong transportasyon at malapit sa mga komunidad na may maliit na kita at minoridad na wika.

Ginamit ng California Civic Engagement Project (CCEP) ang Geographic Information System (GIS) mapping software at U.S. Census Data para tumukoy ng mga iminumungkahing lokasyon ng Vote Center at Drop Box. Ang mga mapang ito ay makikita sa Appendix VI. Ang mga lokasyon ng Vote Center at Drop Box ng Balota ay pinili nang may konsultasyon sa Voting Accessibility Advisory Committee (VAAC) at Language Accessibility Advisory Committee (LAAC) ng County ng Napa. Ikinalulugod ng County ng Napa na ang lokasyon ng 9 na Vote Center at 9 na Drop Box na nilalaman sa na-update na EAP ay tumutugma sa mga pamantayan ng CCEP.

Mga Vote Center

Pinapalawak ng mga Vote Center ang mga opsyon sa paglahok sa pagboto nang lampas pa sa mga tradisyunal na lugar ng botohan. Sa isang vote center, ang isang kwalipikadong mamamayan ay maaaring magrehistrong bumoto, kumuha ng balotang may-kondisyong Pagpaparehistro ng Botante (CVR) at maghulog ng balota sa papel o gamit ang Dominion Image Cast X - Accessible Ballot Marking Device (ICX). Sa isang vote center, di tulad ng isang lugar ng botohan, ang isang nakarehistrong botante mula sa kahit saan sa County ay maaaring makakuha ng pamalit na balota sa anumang vote center kung saan maaaring i-print ang alinman sa 167 uri ng balota ng County o bumoto sa isang ICX.

Ang mga Vote Center ay may secure na koneksyon sa Election Management System ("EMS") ng County, na nagbibigay-daan sa staff ng Vote Center na kumpirmahin, nang real time, ang katayuan ng pagboto ng bawat botante ayon sa lokal na database at ayon sa database ng pagrerehistro para sa buong estado na tinatawag na VOTECAL.

Ang lahat ng Vote Center ay sumusunod sa ADA para sa access at mayroon itong mga Dominion ICX Ballot Marking Device na may malaking print at kakayahan sa audio. Ang mga manggagawa sa vote center ay sinanay na tulungan ang mga botante na may mga partikular na pangangailangan. Ang mga botanteng may mga kapansanan ay maaari ring kontakin ang hotline ng Disability Rights California sa 1-888-569-7955 o TTY 1-800-719-5798 para sa tulong.

May seguridad at mga planong pang-emergency at mga kagamitan na nakahanda sa bawat vote center para hadlangan ang pag-antala ng mga pagboto dahil sa pagkawala ng kuryente at iba pang mga aktibidad. Kapag hindi ginagamit ang mga Vote Center, ang site at kagamitan ay ise-secure sa pamamagitan ng mga subok at itinaguyod na protocol sa seguridad gaya ng mga tamper-evident

na selyo at mga secure na pasilidad para sa pag-iimbak. Tingnan ang Appendix VII para sa detalyadong impormasyon. Mayroong sample na layout diagram ng Vote Center sa Appendix VIII.

Pagpapatakbo sa Vote Center
Dahan-dahang magbubukas ang mga Vote Center, at mas maraming Vote Center ang magbubukas habang papalapit na ang halalan. Itutuloy ng County ang gawain nitong pagbubukas ng isang Vote Center sa Dibisyon ng Halalan, 29 na araw bago ang halalan.

Isa pang dagdag na Vote Center ang magbubukas 10 araw bago ang halalan, at ang lahat ng Vote Center ay magbubukas simula sa Sabado bago ang halalan.

Itinaguyod ng VCA ang sumusunod na formula para sa pagtukoy ng mga lokasyon ng mga Vote Center sa buong County. Ang mga numerong ito ay batay sa pagtataya ng 80,000 rehistradong botante para sa Halalan sa Marso 2020:

Araw Bago ang Eleksyon	Numero ng mga Nakarehistrong Botante Kada Vote Center	Mga Vote Center na Kinakailangan ng Code	Vote Center na Accessible sa Publiko
10	50,000	2	2
3	10,000	8	9

Ang mga Vote Center ay magiging bukas nang hindi bababa sa walong oras kada araw 3-10 araw bago ang Halalan, mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. Lunes hanggang Biyernes, mula 8:30 a.m. hanggang 4:30 p.m. sa Sabado at Linggo, at bukas mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan.

Ang bawat Vote Center ay may staff na by 5-10 manggagawa sa Vote Center. Umaasa ang County na mag-recruit ng kahit isang manggagawa sa Vote Center na nagsasalita ng Espanyol at kahit isang nagsasalita ng Filipino at Tagalog para magbigay ng tulong sa wika. Tinatanggap namin ang suporta ng CLC para magbigay ng tulong sa pagsasalin-wika sa mga Vote Center na kinakailangan sa Araw ng Halalan.

Napa County Election Division - 1127 First St, Suite E, Napa

Holiday Inn Express & Suites Napa Valley - 5001 Main St, American Canyon

American Canyon Boys and Girls Club – 60 Benton Way, American Canyon **(BINAGONG LOKASYON!)**

Yountville Veterans Home - 260 California Blvd, Yountville

Napa Valley College Upper Valley Campus - 1088 College Ave, St Helena

Calistoga Community Center - 1307 Washington St, Calistoga

Angwin Fire House - 275 College Ave, Angwin

Crosswalk Community Church - 2590 1st St, Napa

Las Flores Community Center – 4300 Linda Vista, Napa **(BAGONG LOKASYON!)**

Mga Drop Box ng Balota

Kailangan ng kahit isang Drop Box ng Balota para sa kada 15,000 nakarehistrong botante sa County para sa isang tinatayang kabuuan na 6 na Drop Box ng Balota para sa Halalan sa Marso 2020. Batay sa popularidad ng mga Drop Box ng Balota sa 2018 Election Cycle, ang County ng Napa ay gagawin 11 na Drop Box sa kabuuan (nakabinbin na pag-apruba ng may-ari ng property para sa Drop Box na matatagpuan sa East American Canyon). Ang mga Drop-off box ng Balota na ito ay magiging available 24/7 simula 28 araw bago ang Araw ng Halalan. Ang isang detalyadong listahan na may mga petsa at mga oras at mapa ng mga iminumungkahing lokasyon ng Vote Center at Drop-off ng Balota ay kasama sa Appendix I.

Lungsod ng Napa - Dibisyon ng Halalan ng Napa County – Alley sa pagitan ng mga Kalye ng Brown at Coombs

Lungsod ng Napa – kanlurang bahagi ng Solano Ave sa timog lang ng Redwood Rd

Lungsod ng Napa – kanlurang bahagi ng Soscol Ave timog ng Lincoln

Lungsod ng Napa – Silangan bahagi ng Timog Jefferson timog ng Imola **(BAGONG LOKASYON!)**

Lungsod ng Napa – Napa Valley College – 2277 Napa-Vallejo Hwy **(BAGONG LOKASYON)***

Lungsod ng American Canyon - City Hall – 4381 Broadway St

Lungsod ng American Canyon – timog-silangan na kanto ng Broadway at American Canyon Rd **(NAGHIHINTAY NG PAG-ARUBA NG MAY-ARI)**

Bayan ng Yountville - Community Center –malapit sa library drop box

Lungsod ng St Helena - Library – 1492 Library Lane

Lungsod ng Calistoga – silangang bahagi ng Fair Way hilaga ng Lincoln

Hindi pinamamahalaan ng lokal na munisipalidad - Angwin – 15 Angwin Ave

*Alok mula Napa Valley College para sa pinansyal na tulong para sa Drop Box.

<u>Teknolohiya sa Pagboto</u>

Ang teknolohiya sa pagboto ng County ay binubuo ng dalawang pangunahing sangkap: 1) pamamahala ng pagrehistro ng botante, mga pag-file ng kandidato at pag-track ng status ng balota na hatid ng DFM Associates at 2) paghahanda, paghulog at pagbilang ng mga balota na hatid ng Dominion Voting Systems. Ang dalawang system ay protektado laban sa mga pagtangka ng mga third party na makialam sa halalan sa pamamagitan ng pagkilala sa user, mga password at kawalan ng koneksyon sa wireless o internet.

Ide-deploy ng County ang kasalukuyang Dominion Voting System, mga Image Cast X (ICX) – Ballot Marking Device at Mobile Ballot Printing System (MBP), sa lahat ng Vote Center sa 2020 Election Cycle. Maaaring gamitin ng botante ang ICX na markahan ang balota at ipi-print ang balota kapag natapos na siyang bumoto. Ang lahat ng ICX machine ay nakakatugon sa mga kinakailangan ng ADA/Wika. Ang MBP ay magiging available para sa mga botante na nangangailangan ng papel na balota.

Data ng Halalan ng Botante

Pananatilihin ng County sa bawat Vote Center ang isang electronic format ng tuluy-tuloy na ina-update na index ng mga botante na gumawa ng kahit ano sa sumusunod sa isang Vote Center:

- Nagparehistro para bumoto o nag-update ng kanyang pagpaparehistro
- Nakatanggap at bumoto sa isang probisyunal o pamalit na balota
- Bumoto sa isang balota gamit ang kagamitan sa Vote Center

Epekto sa Pinansya

Ang 2018 na unang roll out ng VCA sa County ng Napa ay nagkaroon ng tatlong epekto sa pinansya: 1) isang beses na gastusin para bilhin ang mga kinakailangang computer at printer para magbigay ng ganap na functionality sa bawat vote center; 2) isang tuluy-tuloy na paggastos para sa manggagawa sa vote center na may mas malawak na pagsasanay kaysa sa mga nagboboluntaryo sa lugar ng botohan at nagtatrabaho nang mas maraming oras dahil sa pagsasanay at mga oras na bukas ang voter center, at; 3) dalawang may-mandatong prepaid na outreach mailer sa bawat nakarehistrong botante bago ang halalan. Habang mas maraming county ang kumukuha sa VCA model at habang nagiging mas pamilyar ang publiko sa vote by mail at sa modelo ng vote center/drop box ng balota, inaasahang bababa ang mga gastusing ito.

Buod

Ang Batas sa Pagpili ng Botante ng California ay isang mahalagang batas na nagsimulang magpaigting ng pakikipag-ugnayan ng botante at komunidad sa mahalagang proseso ng demokrasya. Ang County ng Napa, sa pakikipagtulungan ng mga partner nito sa komunidad at mga kasamahan sa munisipal na eleksyon, na matagumpay na nakapagpatupad sa modelo ng VCA. Hindi mangyayari ang VCA kung wala ang suporta ng Lupon ng Mga Superbisor at mga kawani ng Executive Office ng County, ng Dibisyon ng Information Technology at Human Resources. Ang bagong modelo ng halalan ay nagdulot na ng mga positibong epekto ng pag-igting ng pakikilahok ng botante, pagbibigay ng mas mataas na accessibility sa mga botanteng may mga kapansanan, pagpapaganda sa aming teknolohiya sa sistema ng pagboto, at pagpapalakas sa seguridad ng imprastraktura ng ating mga halalan. Umaasa ang County ng Napa na matutuloy nito ang tradisyon nito ng kagalingan at inobasyon sa matagumpay na 2020 na pagpapatuloy ng Batas sa Pagpili ng Botante ng California.

Plano ng Edukasyon at Pakikipag-ugnayan ng Botante

Pangkalahatang-ideya

Inaatasan ng Batas sa Pagpili ng Botante (VCA) ng California ang County na bumuo ng Plano ng Edukasyon at Pakikipag-ugnayan ng Botante na nagpapaalam sa mga botante at mga kwalipikadong mamamayan sa lahat ng aspeto ng VCA, kasama ang mga lokasyon ng Vote Center at Drop Box ng Balota; pagbotong vote by mail at impormasyon partikular sa mga botanteng may mga kapansanan at mga botanteng hindi nagsasalita ng Ingles. Gaganapin ang mga pampublikong workshop sa organisasyon ng komunidad at mga indibiduwal na nagtataguyod sa ngalan ng o nagbibigay ng mga serbisyo sa mga grupong ito. Ang lahat ng pampublikong workshop na hino-

host ng County ay maa-access ng ADA. Gaganapin ang mga workshop na hindi lalampas sa 60 oras bago ang bawat pederal na halalan o espesyal na halalan ng estado.

Nakipagtulungan ang County sa Voting Accessibility Advisory Committee (VAAC); Language Accessibility Advisory Committee (LAAC); Voter Choice Napa/Community Leaders Coalition (VCN/CLC); Voter Choice California at mga akademiko para buuin ang orihinal na Plano ng Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante.

Ang paghahanda at pagpapatupad sa EAP ay ang unang hakbang sa pakikipag-ugnayan sa mga organisasyon sa komunidad, mga kasamahan sa munisipal na halalan, mga paaralan at iba pang mga entity para maiangat ang kaalaman tungkol sa bagong modelo ng halalan. Kasabay nito, makikipagtulungan ang County sa pagpapatupad ng malawakang media campaign gamit ang direktang koreo, news media, social media (gaya ng Facebook at Twitter), at public access media para ituloy ang pagturo sa publiko tungkol sa VCA. Ipo-promote ng kampanya ang website ng impormasyon para sa botante ng County at sa libreng hotline ng tulong para sa botante na 1-888-494-8356 para ipaalam sa mga botante kung paano makuha ang kanilang balota sa isang accessible na format, at magbigay ng mga serbisyo para sa maraming wika at accessibility sa mga taong may mga kapansanan sa pandinig.

Ang Dibisyon ng Halalan ay makikipag-ugnayan sa mga organisasyong nagdaraos ng mga kaganapan sa komunidad at mga organisasyon ng komunidad na makikita sa Appendix III. Plano naming palawakin ang mga kaganapan sa komunidad at listahan ng mga partner sa komunidad sa proseso ng pag-update sa EAP.

Pakikipag-ugnayan sa Mga Negosyo

Ang Democracy at Work program ng Kalihim ng Estado https://www.sos.ca.gov/elections/myvote-democracy-work-project/ ay nagbibigay ng oportunidad para sa mga negosyo, ahensya ng gobyerno at nonprofit na makipagtulungan sa SOS para hikayatin ang mas masiglang pakikilahok ng mga sibilyan sa pamamagitan ng mga inisyatibang dinisenyo para tumaas ang pagpaparehistro ng botante at pagdami ng botante sa mga empleyado at bumobotong publiko. Ipo-promote ng County ang di-partidistang Democracy at Work program ng SOS sa pamamagitan ng website ng County at sa social media at sa pakikipagtulungan ng mga Chamber of Commerce sa bawat munisipalidad.

Mga Partner sa Komunidad

Ang Disibyon ng Halalan ay nagbigay ng impormasyon tungkol sa bagong modelo ng pagboto sa maraming Partner sa Komunidad para tumulong sa pag-abot sa botante. Para tumulong sa edukasyon at pag-abot, ang mga kawani ng Dibisyon ng Halalan ay dumadalo sa mga kaganapan sa komunidad, gumagawa ng mga presentation sa mga organisasyon, at nagsasanay ng mga interesadong indibidwal at grupo. Ang mga paparating na kaganapan sa komunidad, mga partner sa komunidad, at opisyal na munisipal na halalan ay makikita sa Appendix III at Appendix IV. Ang mga listahang ito ay magbabago habang may mga bagong kaganapan at partner ang nadadagdag at/o nababago. Ikinalulugod ang pagdagdag sa mga listahang ito.

Ang mga partner sa komunidad ay maaaring tumulong sa mga simpleng paraan gaya ng paglalagay ng isang flyer sa isang opisina, kasama ang isang artikulo sa isang newsletter ng organisasyon o sa isang website, o may kinatawan ng Dibisyon ng Halalan na magpapaliwanag ng impormasyon ng VCA sa mga kliyente, miyembro, at/o residente. May mga tool para sa edukasyon, kasama ang isang presentation, flyer, at mga madadalas itanong, na magiging available na i-download mula sa website ng Halalan ng County o gagawing available ang mga kopya mula sa opisina ng Dibisyon ng Halalan. Maaaring mag-customize ng online na toolkit para magsama ng mga mensahe, graphics, at iba pang mga resource para sa iba't ibang pangangailangan.

Ang mga kawani ng Registrar ng Mga Botante at Dibisyon ng Halalan ay bibisita sa mga lokal na mataas na paaralan para magparehistro at mag-pre-register ng mga mag-aaral at magtuturo sa kanila tungkol sa modelo ng halalan ng VCA. Nag-e-expand kami sa Napa Valley College at Pacific Union College para hikayatin ang mga mag-aaral at faculty na magparehistro para bumoto at makilahok sa proseso ng halalan.

Network ng Indibidwal na Botante

Ang mga aktibidad sa pag-abot at edukasyon ay hindi limitado sa mga edukasyon. Ang mga indibidwal na botante ay maaaring manilbihan bilang bahagi ng isang network ng suporta sa pamamagitan ng pag-aalerto sa Dibisyon ng Halalan tungkol sa anumang mga hadlang hinggil sa pagboto at magbigay ng mga solusyon. Ang mga botante ay maaari ding tumulong sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng kaalaman ng komunidad tungkol sa bagong model ng pagboto.

Mga Botanteng Hindi Nagsasalita ng Ingles

Bilang bahagi ng mga pagsusumikap nito sa pag-abot, itutuloy ng County ang pagtuloy at pagpapalawak sa pag-abot nito sa mga botanteng mas gustong gumamit ng wikang hindi Ingles.

Ang isang bagong release ng balita na ipinamamahagi sa lahat ng media na nakakaabot sa mga residente ng County ng Napa, ay mag-aanunsyo sa libreng hotline para sa tulong sa botante, 1-888-494-8356, na magbibigay ng mga serbisyo para sa maraming wika. Bilang karagdagan, bibili ng mga advertisement sa Espanyol at Filipino at Tagalog na media para i-promote ang hotline para sa tulong.

Natukoy na ng Kalihim ng Estado ng California ang mga Vote Center na nangangailangan ng tulong sa wika sa pamamagitan ng U.S. Census data. Ang karagdagang pagkilala ay magiging sa pamamagitan ng proseso ng pampublikong input, na kinabibilangan ng input na hatid ng LAAC ng County.

Ang mga media partner, kasama ang media na wala sa wikang Ingles ay nasa Appendix V. Hinihikayat ng County ang pagbibigay ng mas marami pang suhestiyon sa media partner sa proseso ng pampublikong komento ng na-update na EAP.

Mga Botanteng May Mga Kapansanan

Ang County ng Napa ay may matagal nang paninindigan sa mga botanteng may mga kapansanan para dagdagan ang accessibility sa proseso ng demokrasya. Ang website ng Dibisyon ng Halalan na www.countyofnapa.org/elections ay nagbibigay ng impormasyon at mga resource para sa mga

botanteng may mga kapansanan, kasama ang mag detalye sa ICX - Accessible Units; the RAVBM Accessible System; Mga accessible na kinakailangan ng ADA para sa mga Vote Center at ng VAAC.

Ang press release, na ipinamamahagi sa lahat ng media na naglilingkod sa mga residente ng County ng Napa, ay iaanunsyo ang hotline para sa tulong sa botante, Linya ng TTY 707-299-1475, na magbibigay ng access sa mga taong may mga kapasanan sa pandinig.

Ang mga botanteng may mga kapansanan ay maaaring gumamit sa sarili nilang personal computer para i-download at markahan ang kanilang balota sa pamamagitan ng RAVBM Ballot System. Ang mga detalye sa sistemang ito ay isasama sa lokal na Gabay sa Impormasyon ng Botante gayundin ang iba pang anyo ng outreach na maaaring kasama ang isang video. Isasama rin ang postcard ng RAVBM/Gustong Wika kasama ang lahat ng boto sa pamamagitan nga mga balota sa koreo. Paaalalahanan ng postcard na ito nag mga botante ng RAVBM na itabi nila ang sobreng binayaran na ang selyo para sa pagbabalik ng balota. Ang mga kawani ng Vote Center ay maaari ding magdala ng pamalit na papel na balota sa isang sasakyan para sa pagboto sa curbside.

Ang karamihan ng Vote Center ay mapupuntahan sa pamamagitan ng Vine Transit, ang serbisyo ng bus ng County ng Napa. Ang mga taong may mga kapansanan na hindi independenteng makakagamit ng regular na serbisyo ng bus ng Vine Transit, minsan man o sa lahat ng oras, ay may access sa serbisyo ng Napa Valley Transportation Authority (NVTA) paratransit Vine Go. Ang mga sasakay ay maaaring tumawag para magpareserba ng trip nang maaga nang isa hanggang pitong araw. Ang Dibisyon ng Halalan ay makikipagtulungan sa NVTA para palawakin ang access sa pagboto para sa mga taong may mga kapansanan.

Pagtugon sa mga Pagkakaiba sa Pakikilahok

Ang mga mamamayan ay maaaring magparehistro para bumoto online nang direkta sa registertovote.ca.gov o maaari nilang i-access ang website ng pagpaparehistro ng botante ng estado sa pamamagitan ng isang link mula sa website ng Halalan ng County, www.countyofnapa.org/elections. Ang mga mamamayan ay maaaring kumuha ng form para sa pagpaparehistro ng botante sa Dibisyon ng Halalan, mga Munisipyo, mga silid-aklatan at mga post office sa buong County. Ang mga ahensya ng county na naninilbihan sa mga sambahayan at indibidwal na may mga kapansanan ay nagbibigay ng mga form ng pagpaparehsitro ng botante sa kanilang mga kliyente. Ang Department of Motor Vehicles (DMV) at Kalihim ng Estado ay nagtaguyod ng bagong California Motor Voter Program ayon sa tinukoy ng AB 1461. Ang bagong programang ito, sa mga transaksyon ng DMV, ay awtomatikong magpaparehistro ng sinumang taong kwalipikadong bumoto maliban kung mag-o-opt out ang taong iyon sa pagpaparehistro. Ang Dibisyon ng Halalan ay magpapadala rin ng form ng pagpaparehistro ng hihilingin ito.

Ang SOS ay nagbibibigay ng mga resource at pagsasanay sa National Voter Registration Act (NVRA) sa mga ahensya ng County na naninilbihan sa mga residenteng may mababang kita at mga indbidwal na may mga kapansanan. Kasama sa mga ahensyang ito ang, pero hindi limitado sa: CalFresh CalWORKs, Medi-Cal, Women, Infants, and Children (WIC), Mga Serbisyong Pansuporta sa Tahanan (In-Home Supportive Services), Covered California, health benefit exchange ng California, mga Serbisyong Bokasyonal (Vocational Services) ng Department of Rehabilitation, mga

Center para sa Independent na Pamumuhay (Independent Living Centers), mga Panrehiyong Center (Regional Centers) ng Department of Developmental Services, mga Tanggapang nakikipagkontrata sa Office of Deaf Access, mga mental at behavioral health department ng Estado at County, at mga pribadong practitioner na nagbibigay ng mga serbisyong nakikipagkontrata sa mga departamentong iyon. Ang County ay magbibigay ng karagdagang impormasyon at pagsasanay kung hihilingin sa mga coordinator at staff sa mga ahensya.

Ang County ay regular na nagbibigay ng impormasyon sa mga karapatan sa pagboto at mga eleksyon sa Correction Department ng County ng Napa para ibahagi sa mga bilanggo sa kulungan ng County.

Direktang Pakikipag-ugnayan sa Botante

Ang direktang pakikipag-ugnayan mula sa County sa mga botante ay naging pinakamabisang paraan para bigyang-alam ang mga botante tungkol sa 2018 Election Cycle. Dalawang mailer ang kailangan bago ang bawat eleksyon para ipaalam sa mga botante ang tungkol sa VCA. Ang unang pagpapadala na humigit-kumulang 45 araw bago ang bawat halalan ay mag-aalerto sa mga botanteng bantayan ang kanilang mail para sa vote by mail na balota at patnubay na impormasyon para sa botante. Ang pangalawang pagpapadala na humigit-kumulang 10 araw bago ang halalan ay magpapaalala sa mga botante na bumoto sa balotang matatanggap nila sa koreo; ididirekta sila sa mga lokasyon ng vote center at drop box at magbibigay ng impormasyon at magbibigay ng impormasyon sa pagkuha ng pamalit na balota. Ang mga halimbawa ng materyales na ipinadala sa mga botante ay kasama sa Appendix II. Gagawa ng mga na-update na para sa mga pagpapadala sa hinaharap.

Mga Anunsyong Serbisyo sa Publiko

Ang isang script ng Anunsyong Serbisyo sa Publiko (Public Service Announcement o PSA) para sa TV/Pahayagan ay ipapamahagi kasama ang kahilingan para sa mga visual o closed-captioning para sa mga botanteng bingi o may kapansanan sa pandinig. Ang isang script ng radyo ay kabibilangan ng kahilingan para sa mga istasyong i-post ang impormasyon sa kanilang mga kaanib na website para makatulong na maabot ang mga botanteng iyon. Ang Registrar ng Mga Botante at ang bilingual Election Services Manager ay magiging available para sa PSA recording sa telebisyon at radio.

Ang artwork ay magiging available mula sa County para sa print at mga online na PSA, at para sa pamahalaan at mga partner sa komunidad para gamitin sa kanilang social media at mga newsletter. Ang mga print na PSA ay may kasamang isang kahilingan para i-post ang anunsyo sa anumang mga kaanib na website sa audio para sa mga bulag at may kapansanan sa paningin.

Ang County ay magbibigay sa media outlet na may wikang Espanyol at Filipino at Tagalog na naninilbihan sa County ng Napa ng mga script para sa PSA. Ang mga script ay magbibigay-alam sa mga botante tungkol sa paparating na halalan at ipo-promote nito ang libreng hotline ng pagtulong sa botante.

Badyet

Ipinapakita ng chart ang pagkukumpara sa pagitan ng badyet ng halalan ng Nobyembre 2018 at Marso 2020. Hindi lahat ng gastusin ay nauugnay sa implementasyon ng VCA. Ang Dibidyon ng Halalan ay binigyan ng $64,200 para sa edukasyon at pag-abot sa botante kasama ang dalawang may-mandatong postage paid na mailer na aprubado ng Lupon ng Mga Superbisor. Bilang karagdagan, ang Dibisyon ng Halalan ay magbibigay ng in-house na suporta para sa paghanda ng mga graphic na materyales at mga materyales para sa pag-abot, mga presentation sa publiko at mga kaganapan ng pag-abot sa komunidad.

Paglalaanan ng badyet ang pagbili ng mga advertisement sa mga pahayagan, telebisyon, radyo at social media. May bahagi ng mga pondong ito na itatalaga sa isang bilingual na translation.

EAP Cost Comparison - Pagkukumpara ng Gastos ng EAP

	Cost Categories – Mga Kategorya ng Gastos	November 2018 Budget – Nobyembre 2018 na Badyet	2019/2020 Budget – 2019/2020 na Badyet	Diperensiya
1	Labor & Salary - Paggawa at Sahod	$105,730	$107,845	+$2,115
2	VBM Ballot Printing - Pag-imprenta ng Balota ng VBM	$64,310	$65,000	+$690
3	VAC Ballots Printing - Pag-imprenta ng mga Balota ng VAC	$2,500	$2,600	+$100
4	VBM Ballot Postage - Pagpapadala sa Koreo ng Balota ng VBM	$56,000	$58,000	+$2,000
5	Sample Ballot Printing - Pag-imprenta ng Sample na Balota	$124,270	$125,000	+$730
6	VIG Postages - Mga Pagpapadala sa Koreo ng VIG	$12,012	$12,500	+$488
7	Outreach - Pagtulong	$62,640	$64,200	+$2,830
8	Equipment Cost - Halaga ng Kagamitan	$7,660	$21,000	+$13,340
9	Election Workers - Mga Manggawa sa Halalan	$155,000	$160,000	+$5,000
10	Singil	$19,070	$21,800	+2,730
	Total Cost - Kabuuang Gastos	$609,192.00	$637,945.00	+$30,023.00

	Outreach – Pagtulong	2018/2019 Budget – 2018/2019 na Badyet	2019/2020 Budget – 2019/2020 na Badyet	Diperensiya
1	Advertisements - Mga Advertisement	$4,000	$4,500	+$500
2	Social Media - Social Media	$1,000	$1,000	+$0
3	Equipment/Supplies - Kagamitan/Mga Supply	$3,000	$4,000	+$1,000
4	Mailers I and II/Postage - Mga Nagpapadala ng Sulat I at II/Pagpapadala sa Koreo	$50,140	$50,200	+$1,330
5	Events Rentals\Mga Paupahan sa mga Event	$4,000	$4,000	+$0
6	Additional Voter Contact\Karagdagang Contact ng Botante	$500	$500	+$0
	Total Cost - Kabuuang Gastos	$62,640.00	$64,200.00	+$2,830.00

	Halaga para Pamahalaan ang mga Voter Center noong Nobyembre 2018	Halaga para Pamahalaan ang Drop Box sa March 2020	Diperensiya
Upa	$4,000	$6,800	+$2,800
Mga Supply	$10,000	$25,000	+$15,000
Dagdag na Tulong	$81,000	$103,000	+$22,000
Kabuuan	$95,000	$134,800	+$39,800